


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Partisipasyon ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor (Katutubo at Kababaihan) sa Pakikibaka ng Bayan



Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Partisipasyon ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor (Katutubo at Kababaihan) sa Pakikibaka ng Bayan

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Loida Ladres-Castaños, Jilliane A. Deligero, Phoebe L. Gantala, Marlon D. Lopez, Bernard M. Ventenilla Jr.
Editor:	Jaime Leon T. Cardona, Ma. Morena A. Bendulo
Tagasuri:	Emmanuel A. Gerardo, Evangeline A. Gorduiz
Tagaguhit:	Carlito B. Buctot
Tagalapat:	Nadir M. Beringuel, Cherry Ann R. Varon
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma, Bebianio I. Sentillas, Rosemarie M. Guino, Joy B. Bihag, Ryan R. Tiu, Nova P. Jorge, Pedro T. Escobarte Jr. Joel A. Zartiga, Liza L. Demeterio, Eduardo E. Legantin, Emmanuel A. Gerardo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 3:

**Partisipasyon ng Iba't Ibang
Rehiyon at Sektor (Katutubo at
Kababaihan) sa Pakikibaka ng
Bayan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Alam mo ba kung ano ang partisipasyon ng iba't ibang rehiyon at sektor sa pakikibaka ng bayan? Ang modyul na ito ay dinisenyo upang tulungan kang mahanap ang kasagutan sa mga tanong na isinasaad.

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Natataya ang partisipasyon ng mga katutubo at kababaihan sa iba't ibang rehiyon at sektor sa pakikibaka ng bayan; at
- Naitatala ang partisipasyon ng mga katutubo at kababaihan sa iba't ibang rehiyon at sektor sa pakikibaka.



Subukin

Panuto: Basahin ang bawat isang pangungusap. Isulat ang **FACT** kung nagpapahayag ito ng katotohanan, at **BLUFF** kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- ____ 1.) Ang pag-aalsa ni Dagohoy ay isang pag-aalsang politikal.
- ____ 2.) Ang mga salik ng pag-aalsa ay ang mga pag-aalsang panrelihiyon, pang-ekonomiko at politikal.
- ____ 3.) Ang dahilan nang pag-aalsa ni Sumuroy ay ang pag-aklas laban sa *polo y servicio* sa Samar kung saan ang mga waray ay ipinadala sa mga pagawaan ng barko sa Cavite, malayo sa kanilang tirahan.
- ____ 4.) Naging matagumpay ang mga naitalang pag-aalsa.
- ____ 5.) Lubos na nakikiisa sa mga katutubo ang mga mayayamang angkan na nagtatamasa ng kaginhawaan sa ilalim ng mga Kastila.
- ____ 6.) Ang pag-aalsa ni Lapu-Lapu ang kauna-unahang naitalang pagpapakita ng pagtutol ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Espanyol.
- ____ 7.) Si Gabriela Silang ang nagpatuloy sa sinimulang pag-aalsa ng kaniyang asawa.
- ____ 8.) Labis na ikinatuwa ng mga Pilipino ang sapilitang paggawa, monopolyo at kalakalang galyon.
- ____ 9.) Dahil sa pagpapalaganap ng mga Espanyol sa Kristiyanismo, maraming Pilipino ang tumalikod sa kanilang katutubong paniniwala at nagpabinyag bilang mga Kristiyano.
- ____ 10.) Pinalitan ng mga Espanyol ang mga datu at maharlika bilang pinakamataas na pinuno sa pamayanan.

Aralin

1

Partisipasyon ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor (Katutubo at Kababaihan) sa Pakikibaka ng Bayan

Ang partisipasyon ng mga katutubo at kababaihan sa iba't ibang rehiyon at sektor sa pakikibaka ng bayan ay hudyat sa hindi makatarungang pamamalakad ng mga Espanyol, mapang-abusong patakaran at mga pangyayari sa loob ng bansa na nakaapekto sa pamumuhay ng mga Pilipino.



Balikan

Punan mo ng wastong salita ang bawat patlang. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot. Isulat mo ang iyong sagot sa sagutang papel.

<i>Jihad</i>	Pangangayaw	Sultan Kudarat
Monopolyo sa tabako	Katolisismo	Digmaang Moro

- 1.) Ang _____ ang banal na digmaan ng mga Muslim.
- 2.) Ang _____ ay ang tradisyon ng pakikidigma at pamumugot ng mga katutubong Igorot.
- 3.) Ipinakita ng mga Muslim ang kanilang pagtangga sa kolonyalismong Espanyol sa anim na digmaang tinatawag na _____.
- 4.) Si _____ ang Sultan na unang naglunsad ng banal na digmaan laban sa mga Espanyol.
- 5.) Sa ikatlong pagkakataon, tinangkang sakupin ng mga Espanyol ang mga Igorot bilang bahagi ng patakarang pang-ekonomiya ni Gobernador-Heneral Basco na _____.



Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay para sa ating mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng tulong upang mas lalong maintindihan ang mga aralin sa panahong hindi sila nakadalo sa talakayan. Patnubay ng guro ay lubos na kailangan upang maihatid ang dunong na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maitawid ang pansariling kaunlaran at maging kapakipakinabang sa pamayanan.

Ang susunod na gawain ay taglay ang iba't ibang kasanayan at bagong kaalaman upang matulungan ang ating mga mag-aaral na mapaunlad ang sarili at maipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan ng ating bansa.

Hayaan ang mag-aaral na gawin ang iba't ibang kasanayan na walang pagkaantala. Ipagawa ang mga gawain nang malaya, subalit ang mabisang pagdaloy ay kailangan.



Tuklasin



Sa pag-usad ng kolonyalismong Espanyol, ang mga gobernador-heneral at mga paring namalakad sa pamahalan at simbahan sa Pilipinas ay naging malupit at mahigpit sa kanilang pamumuno sa mga katutubong Pilipino. Ang hindi makatarungang pamumuno ng mga Espanyol ay humantong sa tahasang pagtutol ng mga Pilipino sa kanilang mga patakaran at pamamahala. Ilan sa kanilang mga tinutulan ay ang mataas na buwis, sapilitang paggawa diskriminasyon sa lipunan, at malupit na pamamalakad ng mga prayle at pinunong Espanyol.



Suriin

Partisipasyon ng mga Katutubo at Kababaihan sa Iba't Ibang Rehiyon

Sa panahon ng Kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas ay nagkaroonng iba't ibang pag-aalsa dahil sa hindi maayos na pamamalakad ng mga gobernador-heneral at mga pari. Humantong sa tahasang pagtutol ang mga Pilipino sa mataas na buwis, sapilitang paggawa, diskriminasyon sa lipunan, at malupit na pamamalakad. Ang mga pag-aaklas na ito ay nilahukan ng mga katutubo, maging ng mga kababaihang buhat sa iba't ibang sektor ng lipunan.

Ilan sa mga pag-aaklas na ito ay ang mga sumusunod:

Pag-aaklas	Taon	Dahilan at Bunga
Pag-aalsang Sulayman at Lakandula TONDO	1574	Inalis ng mga Espanyol ang mga karapatan ng mga katutubo na ipinagkaloob sa kanila ni Legazpi at sila ay pinagmalupitan at pinagsamantalahan kaya naging matindi ang galit nina Sulayman at Lakandula at sila ay nag-alsa. Naganap ito sa Tondo noong 1574. Natigil lamang ang pag-aalsa ng mga Pilipino nang ibalik ang kanilang mga karapatan.
Pag-aalsang Bancao ng Carigara LEYTE	1621	Pinamunuan ni Datu Bancao ng Carigara na lumaban sa Simbahang Katolika ng Leyte katuwang ang babaylan na si Pagali (na gumamit ng mahika). Sila ay nagtayo ng mga dambana para sa mga anito, at hinikayat ang ilang bayan na sumapi sa kanila at makilahok sa pag-aalsa. Nasupil ang kanilang rebelyon at pinugutan ng ulo si Bancao.
Pag-aalsang Sumuroy SAMAR	1649-1650	Pinamunuan ng Waray na si Agustin Sumuroy ang pag-aaklas laban sa <i>polo y servicio</i> sa Samar. Taliwas sa patakaran ng <i>polo</i> , ang mga Waray ay ipinadala sa mga pagawaan ng barko sa Cavite, malayo sa kanilang mga tahanan. Sumiklab ang pag-aalsa sa Cavite, at umabot sa Mindanao, Bicol, Cebu, Masbate, Camiguin, Zamboanga at hilagang Mindanao. Natigil ang labanan nang madakip at ipapatay ng mga Espanyol si Sumuroy at iba pang lumahok sa pag-aalsa.

Pag-aalsang Maniago PAMPANGA	1660-1661	Pinamunuan ni Francisco Maniago ng Mexico, Pampanga ang pagtutol ng mga Kapampangan sa sapilitang paggawa sa mga galyon at sa hindi pagbabayad ng pamahalaan sa mga biniling palay mula sa mga magsasaka. Natigil lamang ang pag-aalsa dahil sa tulong ni Gobernador-Heneral Sabiniano Manique de Lara dahil binago niya ang pamamaraan at pamamalakad sa paghahati ng kita at pagbili ng mga produkto.
Pag-aalsa ni Tapar PANAY	1663	Isang babaylan si Tapar. Itinatag niya sa Oton, Panay ang isang bagong relihiyon na parang binagong anyo ng Kristiyanismo noong 1663. Tinutulan ng mga paring Espanyol ang kilusang pangrelihiyon. Sumugod ang mga tropa ng pamahalaan at nahuli si Tapar. Binitay siya kasama ng iba pa niyang kaibigan. Itinali ang kanilang labi sa poste upang makita ng mga taong bayan at hindi pamarisan.
Pag-aalsa ni Dagohoy BOHOL	1744-1829	Nagalit si Dagohoy, isang dating <i>cabeza de barangay</i> , dahil sa pagtutol ng pari na bigyan ng marangal na libing ang kanyang kapatid sa Bohol.
Pag-aalsang Basi ILOCOS	1807	Pinamumunuan ng isang Pedro Ambaristo sa kasalukuyang Piddig, Ilocos Norte. Nag-ugat sa paghihigpit ng mga Espanyol sa produksiyon at pagbebenta ng basi na isang uri ng alak mula sa tubo. Ipinagbabawal ang pribadong produksiyon nito, Dahit dito, napilitan ang mga Ilocano na bumili ng basi sa pamahalaan sa higit na mataas na halaga kaya nag-aklas ang mga ito subalit makalipas ang ilang lingo, nasupil din agad ito ng mga Espanyol.
Pag-aalsa ni Apolinario dela Cruz sa Tayabas QUEZON	1840-1841	Nagalit si Apolinario dela Cruz o Hermano Pule dahil tinanggihan siyang maging pari at kilalanin ang kanyang samahang <i>Confradia de San Jose</i> . Dinakip at pinatawan siya ng kamatayan sa Tayabas, Quezon.

Ilan sa mga **kababaihan noon na nakipaglaban din** upang isulong ang kalayaan ng bansa ay sina:

1. **Gabriela Silang** – Ipinagpatuloy ng asawa ni Diego Silang ang pag-aalsang sinimulan taong 1762-1763. Nag-alsa ang mag-asawa dahil sa hindi makatarungang pagpataw ng buwis at pagnanais na palayasin ang mga Espanyol. Nahuli si Gabriela at binitay.
2. **Babaylan**- Kilala ang mga Babaylan bilang mga sinaunang manggagamot, manghuhula, at pinuno ng pananampalataya ng komunidad. Inaasahan sila ng mga tao na maaring humingi ng ulan sa kanilang mga kinikilalang Diyos at mga diwata lalo na sa panahon na kailangan ng mga ito sa pananim at ang mga babaylan rin ang tinatakbuhan ng mga tao sa panahon ng mga kalamidad. Nang dumating ang mga Espanyol, naging malaking hamon sa mga Babaylan ang kagustuhan nila na baguhin ang kanilang kinagisnang pananampalataya, kung kaya't buong tapang nilang ipinagtanggol ang kanilang mga paniniwala na kaakibat ng ng kanilang pagkatao. Noong pinuwersa sila ng mga Espanyol na yakapin ang Katolisismo at sambahin ang mga santo na dala ay kinuha nila ito at sinamba bilang mga anito at diwata.

Sinuway nila ang tradisyonal na pananaw sa kababaihan. Sa pamamagitan ng tiyak na pagkilos, nagawa nilang ihatid ang mensahe na may magagawa ang kababaihan upang magkaroon ng pagbabago sa lipunan.



Pagyamanin

Sino Siya? Tukuyin ang konseptong inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- 1.) Siya ang nagpatuloy sa sinimulang pag-aalsa ng kaniyang asawa. Dahil sa hindi makatarungang pagpataw ng buwis at pagnanais na palayasin ang mga Espanyol.
- 2.) Pinamunuan niya ang pag-aalsa laban sa *polo y servicio* sa Samar.
- 3.) Pinamunuan niya ang mga taga Carigara na lumaban sa simbahang Katolika ng Leyte katuwang ang babaylan na si Pagali. Sila ay nagtayo ng mga dambana para sa mga anito, at hinikayat ang ilang bayan na sumapi sa kanila at makilahok sa pag-aalsa.

- 4.) Pinamumunuan niya ang pag-aalsang Basi. Nag-ugat sa paghihigpit ng mga Espanyol sa produksiyon at pagbebenta ng basi na isang uri ng alak mula sa tubo.
- 5.) Pinamunuan niya ang pag-aalsa sa Tayabas dahil tinanggihan siyang maging pari at kilalanin ang kanyang samahang *Confradia de San Jose*.



Isaisip

Ang partisipasyon ng mga katutubo at kababaihan sa iba't ibang rehiyon sa pakikibaka ng bayan ay dahil sa hindi patas na pamamalakad at mapang-abusong patakaran ng mga mananakop na Espanyol na nakaapekto sa pamumuhay ng mga Pilipino.



Isagawa

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang kaugnay na ideya ng mga tao na nasa Hanay A. Isulat ang wastong sagot sa patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Hanay A

- _____ 1. Francisco Dagohoy
- _____ 2. Hermano Pule
- _____ 3. Tapar, Babaylan at Bancao
- _____ 4. Pedro Ambaristo
- _____ 5. Agustin Sumuroy

Hanay B

- A. Alak na mula sa tubo (Basi)
- B. *Polo y servicio*
- C. Pag-aalsang panrelihiyon
- D. *Confradia de San Jose*
- E. Cabeza de barangay



Tayahin

A. Tumbasang Salita: Ibigay ang salita o mga salitang katumbas ng mga patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.) Pag-aalsang Sulayman at Lakadula : Manila ; Pag-aalsang Sumuroy: _____.

2.) Apolinario dela Cruz : _____ ; Francisco Dagohoy: *cabeza de barangay*.

3.) Pag-aalsang Basi : alak ; Pag-aalsang Sumuroy : _____.

4.) Datu Bancao : Carigara, Leyte ; Francisco Maniago : _____.


5.) Pag-aalsa ni Tapar : _____ ; Pag-aalsang Basi : Piddig, Ilocos Norte.

B. Panuto: Isulat ang tamang katawagan sa mga kaganapang ipinapakita ng mga larawan. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.


Pag-aalsang Basi Pag-aalsa nina Diego Silang at Gabriela Silang

Pag-aalsa ni Apolinario dela Cruz sa Tayabas


1.)




2.)




3.)



4.)



5.)



Karagdagang Gawain

Panuto: Piliin ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

____ 1.) Ang pag-aalsa ni Dagohoy ay tinaguriang pinakamahabang pag-aalsa. Bakit kaya nagtagal ito?

- A.) Dahil sa pagtutol ng pari na bigyan ng marangal na libing ang kanyang kapatid.
- B.) Dahil maraming Espanyol na kampi sa kanya.
- C.) Dahil sa makabagong armas.
- D.) Dahil hindi siya nawalan ng loob at pag-asa sa pakikipaglaban.

- ____ 2.) Ang sumusunod ay dahilan ng pagkakabigo ng mga unang pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol **maliban** sa isa.
- A.) Topograpiya ng Pilipinas
 - B.) Napamahal na ng mga Pilipino ang mga Espanyol
 - C.) Kakulangan sa kahandaan at kaalaman sa pakikidigma
 - D.) Kakulangan sa pagkakaisa
- ____ 3.) Pinagtrabaho ng mga mananakop na Espanyol ang mga katutubo nang walang pahinga at ipinadala sa malayong lugar. Kumokolekta din sila ng buwis sa mga bata, matatanda at sa mga alipin. Ano ang ipinahiwatig nito?
- A.) pang-aabuso sa mga katutubo
 - B.) pagpatupad ng tuntunin
 - C.) pagbibigay laya sa mga katutubo
 - D.) pagdidisiplina sa mga katutubo
- ____ 4.) Ang pagkamatay ni Diego Silang ay hindi naging sagabal upang matigil ang layunin na masugpo ang pagmamalabis ng Espanyol. Ito ay pinagpatuloy ng kanyang asawa na si?
- A.) Gregoria de Jesus
 - B.) Teresa Magbanua
 - C.) Marcella Agoncillo
 - D.) Gabriela Silang
- ____ 5.) Bakit nag-alsa ang mga babaylan laban sa mga Espanyol?
- A.) Dahil sa laganap ang sapilitang paggawa
 - B.) Dahil sa hindi makatarungang pagpataw ng buwis
 - C.) Dahil pinuwersa silang baguhin ang kanilang kinagisnang pananampalataya at yakapin ang relihiyong Katolisismo
 - D.) Dahil napamahal nila ang patakaran ng mga Espanyol

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging matatag sa pagharap ng mga pagsubok at suliranin. Ang positibong katangian na ito ay napatunayan na mula sa ating mga ninuno na pilit bumangon at lumaban sa mga suliranin pagkatapos ng ikalawang digmaan. Tatalakayin at aalamin natin ang mga ito ngayon sa aralin na ito. Handa ka na ba? Magaling! Tara na!



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. FACT 2. FACT 3. FACT 4. BLUFF 5. BLUFF 6. FACT 7. FACT 8. BLUFF 9. FACT 10. FACT Balikan 1. <i>Jihad</i> 2. pangangayaw o <i>headhunting</i> 3. Digmaang Moro 4. Sultan Kudarat 5. monopolyo sa tabako	Pagymanin 1. Gabriela Silang 2. Agustín Sumuroy 3. Datu Bancao 4. Pedro Ambaristo 5. Apolinario dela Cruz Isagawa 1. E 2. D 3. C 4. A 5. B Tayahin A. 1. Samar 2. <i>Confradia de San Jose</i> 3. <i>Polo y servicio</i> 4. Mexico, Pampanga 5. Oton, Panay	Tayahin 1. Pagtutol sa Monopolyo sa Tabako 2. Labanan sa Mactan 3. Pag-aalsang Diego Silang at Gabriela Silang 4. Pag-aalsa ni Apolinario de la Cruz sa Tayabas 5. Pag-aalsang Basi Karagdagang Gawain 1. D 2. B 3. A 4. D 5. C
--	--	---

Sanggunian

Abinales, Patricio and Amoroso, Donna (2005). *State and Society in the Philippines*. Lanham, Maryland: Rowman & Littlefield Publishers, Inc.

Gabuat, Maria Annalyn P., Mercado, Michael M., and Jose, Mary Dorothy dL., *Pilipinas Bilang Isang Bansa*, Vibal Group, 2016

Guerra, Restituta San Pedro, Ed.D., *Ang Bayan Kong Mahal*, Abiva Publishing House, Inc., 1999

Palu-ay, Alvenia P., *Makabayan Kasaysayang Pilipino*. LG&M., 2006

DepEd RO8, Regional Test Item Bank (Araling Panlipunan 5)

Center for Babaylan Studies, n.d.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph